

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-2021
	Title	Implementing Guidelines on the Case Rates for Acute Stroke

Tanong	Sagot
1. Ano ang layunin ng Circular na ito?	<p>Ang acute stroke ay isa sa mga kondisyon na binigyang prayoridad ng PhilHealth na mapalawak ang saklaw ng pagbabayad habang may mga kasalukuyang reporma na ginagawa patungkol sa implementasyon ng Diagnosis Related Groups (DRG).</p> <p>Layunin ng polisiyang ito na maipatupad ang tamang case rate para sa Acute Ischemic at Hemorrhagic Stroke at matiyak ang kalidad ng serbisyong medikal na ibinibigay ng mga accredited health facilities.</p>
2. Ano ang mekanismo ng pagbabayad at laman ng benepisyo para sa acute stroke?	Ito ay babayaran sa pamamagitan ng case-based payment at sakop ng pagbabayad ang mga dapat ibigay ng ospital na kaukulang serbisyong medikal sa basic o ward accommodation at ang minimum na standards ng pangangalaga sa pasyenteng may stroke. Babayaran ng PhilHealth ang buong halaga ayon sa nakalathalang presyo.
3. Ano ang co-payment o ang out-of-pocket?	Ang co-payment o out-of-pocket ay ang halagang sagot ng pasyente/miyembro na kabayaran sa mga serbisyong lagpas sa pamantayan ng pagbabayad ng PhilHealth. Ilan sa mga ito ay ang pag-a-upgrade ng kwarto mula sa basic ward/accommodation, mga gamot na wala sa Philippine National Formulary (PNF), mga laboratoryo o imaging na walang kaugnayan sa pagma-manage ng stroke, at pagpili ng doktor. Ang anumang karagdagang serbisyo ay sasailalim sa co-payment na babayaran ng pasyente/miyembro.
4. Ano ang mga serbisyo na hindi sakop sa pagbabayad ng benepisyo para sa acute stroke?	Hindi kabilang sa pagbabayad ang mga karagdagang serbisyo na lagpas sa minimum standards of care kagaya ng amenities, pagpili ng sariling doktor at iba pang karagdagang serbisyo na hindi kailangan sa pagbibigay ng serbisyong medikal.
5. Ano ang mga kailangang ihanda ng health facilities para maibigay ang naaayon na serbisyong medikal	Ang mga ospital ay dapat siguruhing may stocks ng essential at life-saving medicines and supplies, diagnostic services o laboratories sa lahat ng pagkakataon at maibigay ang de-kalidad na serbisyong medikal sa pasyente.

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-2021
	Title	Implementing Guidelines on the Case Rates for Acute Stroke

Tanong	Sagot
para sa kondisyong ito?	
6. Mababayaran ba ng PhilHealth ang professional fee (PF) ng mga doktor?	<p>Kasama sa inpatient package na ibabayad ng PhilHealth sa ospital ang PF ng mga doktor.</p> <p>Ang reimbursement ay direktang ibabayad sa hospital at sila ang may responsibilidad sa pag-distribute ng PF sa mga attending physicians or health workers sa government hospitals base sa kanilang internal na agreements at proseso.</p>
7. Ano ang kahalagahan ng ICD10 codes sa polisiya	Ang mga ICD codes ang nagsisilbing gabay para sa mga Health Facility upang ang kanilang claims ay mai-code ng tama at tamang benepisyo din ang maibigay ng PhilHealth.
8. Ano ang mga karagdagang dokumento na kailangang isumite para maka-claim ng benepisyo?	Resulta ng neuroimaging (e.g., CT Scan, MRI) para sa ischemic at hemorrhagic stroke. Isang (1) neuroimaging result lang ang kailangang isumite sa claims application ng accredited hospital sa PhilHealth. Lahat ng claims para sa acute stroke ay dadaan sa pre- or post-payment audit para ma-assess ang kalidad ng serbisyo para sa PhilHealth beneficiary.
9. Mababayaran ba ang kondisyong ito para sa confinement abroad?	Mababayaran din ang Acute Stroke kung na-confine ang miyembro sa abroad base sa natitirang balanse na hindi covered ng ibang insurance pero ito ay hindi dapat lumagpas sa halaga ng case rate na nakasaad sa polisiya.
10. Mababayaran din ba ang mga ospital na walang kapasidad na magbigay ng serbisyong medikal para sa acute stroke na kondisyon?	<p>Mababayaran pa rin ang mga accredited hospital na walang kapasidad na i-manage ang acute stroke. Kinakailangan lang na may naibigay na agarang serbisyo at mai-refer o mailipat sa pinakamalapit na mas mataas na antas na pagamutan. Sila ay babayaran sa halagang P4,000 pesos.</p> <p>Kung ang pagamutan naman ay walang kapasidad para sa neuroimaging at nasa Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDA) at mapatunayan na ang pasyente ay may acute stroke base lamang sa klinikal na sintomas, sila ay mababayaran pa rin ng Php28,000 para sa acute ischemic stroke at Php38,000 para sa acute hemorrhagic stroke.</p>

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-2021
	Title	Implementing Guidelines on the Case Rates for Acute Stroke

Tanong	Sagot
11. Maaari bang ma-admit ng paulit-ulit at maka-claim ng parehong benepisyo?	Ang stroke ay maaring maulit. Ang PhilHealth Regional Office ay mahigpit na imo-monitor ang mga re-admissions at ito ay io-audit upang maiwasan ang mga fraud claims.
12. Maari bang maging pangalawang case rate ang acute stroke?	Ang Acute Stroke ay maaaring i-claim bilang 1st case rate lamang. Gayunpaman, kung ang acute stroke ay may 2nd case rate, ito ay babayaran gamit ang kasalukuyang mga panuntunan sa pagbabayad ng mga claim na may 2nd case rate.
13. Maaring bang magclaim ng bagong benepisyo ang mga pasyenteng nanatili sa ospital ng hindi lagpas sa 24 hours	Ang mga pasyenteng na-admit at namatay less than 24 hours ay maari pa rin maka-avail ng benepisyo sa halagang Php4000 (Resuscitation Package) Samantala, ang mga pasyenteng na-admit at may disposisyon na napabuti ang kundisyon o “improved” ng less than 24 hours ay hindi makaka-avail ng benepisyo.
14. Ano ang maaring i-claim kung ang naka-admit na pasyente ay namatay ng lagpas 24 hours ngunit hindi lumagpas ng 48 hours	Kapag ang pasyente ay namatay habang naka-confine sa ospital ng more than 24 hours but less than 48 hours, maari itong maka-avail ng lumang case rate na Acute Ischemic Stroke (28,000) o Acute Hemorrhagic Stroke (38,000)
15. Kailan ma aavail ng members ang bagong benefit package ng Acute Stroke	Ma-avail ang benepisyo na ito kapag na admit ang member at kanilang dependent simula November 24, 2023.